

## Research Article

Division III: Education, Language, Social Sciences and Humanities

# Kaku ka Keka ku: Pagsiyasat sa Semantikang Katangian ng “Tongue-Twister” ng mga Kapampangan

Niña Lilia R. Javier<sup>1\*</sup>, John Elean M. Cortez<sup>1</sup>, Angel Joshua C. Nuqui<sup>1</sup>, Jade Mikaela Pineda<sup>1</sup>

<sup>1</sup> Bulacan State University, Philippines

## Abstract

Ang pananaliksik na ito ay nagsiyasat sa semantikang katangian ng mga tongue-twister ng mga Kapampangan, partikular sa pariralang “Kaku ka Keka ku” at iba pang katulad na anyo. Layunin nitong maipakita kung paano nakabubuo ng kahulugan ang mga paulit-ulit na pantig, morpema, at panlapi. Gumamit ang mga mananaliksik ng deskriptibong kwalitatibong disenyo, pinagsamang datos mula sa nakasulat na koleksiyon, mga sanggunian mula sa internet, at pananaw ng mga kalahok na may kaalaman sa wikang Kapampangan. Isinagawa ang pagsisiyasat sa dalawang yugto: una, ang pagtukoy sa literal na kahulugan batay sa pantig at salitang-ugat; at ikalawa, ang pagsusuri sa semantikong relasyon at pagpapakahulugan. Batay sa natuklasan, ang mga Kapampangang tongue-twister ay hindi lamang larong linggwistiko kundi masalimuot na ugnayan at malikhaing pagpapahayag. Inirerekomenda ng pag-aaral na gamitin ang mga ito bilang pedagohikal na materyal sa pagtuturo ng ponolohiya at semantika, at bilang bahagi ng pagpapanatili ng mga katutubong wika sa Pilipinas.

**Keywords:** Kapampangan, morpolohiya, ponolohiya, semantika, tongue-twister

Received: March 5, 2026. Revision: June 25, 2026. Accepted: July 31, 2026  
Correspondence: Niña Lilia R. Javier, Bulacan State University, Philippines; ninalilia.javier@bulsu.edu.ph

### Recommended Citation:

Javier, N. L. R., Cortez, J. E. M., Nuqui, A. J. M., Pineda, J. M. (2026). Kaku ka Keka ku: Pagsiyasat sa Semantikang Katangian ng “Tongue-Twister” ng mga Kapampangan. *Sidhaya: The Official Research Journal of Bulacan State University*, 1(2), 26-38.



This is Open Access article distributed under the terms of CC-BY-NC-ND 4.0 International License.  
© Author(s).

## Introduksyon

Ang wikang Kapampangan ay isa sa mga pangunahing wika sa Gitnang Luzon at nagsisilbing mahalagang bahagi ng identidad ng mga Kapampangan. Taglay nito ang natatanging tunog, masalimuot na gramatika, at mayamang bokabularyo na nagpapakita ng malikhaing pag-iisip at kasaysayan ng kanilang lipunan. Ayon kay Lopez (2021d), ang Kapampangan ay kabilang sa mga sinaunang wika sa bansa na nakapagpanatili ng malalim na sistemang ponolohikal at morpolohikal. Sa paglipas ng panahon, nahubog ang wikang ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba’t ibang pangkat etnolingguwistiko at dayuhan, tulad ng Tagalog, Ilokano, Espanyol, at Ingles, na nagbunga ng pagpasok ng maraming hiram na salita at pagbabago sa estruktura (Santos, 2019). Dagdag pa rito, ipinakikita ng wika kung paano nakikibagay ang isang komunidad sa pagbabago ng panahon habang patuloy na pinananatili ang sariling diwa at kultura.

Noong panahon ng Kastila, maraming salitang Espanyol ang pumasok sa Kapampangan, partikular sa relihiyon, ekonomiya, at administrasyon. Ayon sa pag-aaral nina Lopez (2021b) at Hilig (2022), dahil kalapit nito ang mga rehiyon ng Tagalog at Ilokano, naging laganap din ang panghihiram at pagpapalitan ng mga salita sa pagitan ng mga pamayanang wika. Bunga nito, lumawak ang larangan ng kahulugan ng mga salita, na mula sa literal ay nagiging mas malalim at nakaugat sa lokal na kultura. Kaya, mas maraming semantic field ang nabuksan para sa mga hiram na salita na kumuha ng hiram na literal na kahulugan sa paggamit at kalaunan ay nabuo sa mas malalim na kahulugan na katutubong sa lugar (Cruz, 2023a).

Sa pananaw ng linggwistika, bawat salitang Kapampangan ay hindi lamang simpleng tunog. Ito ay may kultural, historikal, at emosyonal na bigat na nagsisilbing salamin ng identidad at pananaw ng mga Kapampangan (Manapsal & Layug, 2019). Isa sa mga halimbawa ng malikhaing paggamit ng Kapampangan ay ang tongue-twister. Karaniwan itong itinuturing na larong lingguwistiko, ngunit sa mas malalim na pagtingin, ito ay nagsisilbi ring paraan upang ipakita ang ugnayan ng tunog, estruktura, at kahulugan (Del Corro, 2025). Ang tongue-twister ay isang uri ng pahayag o parirala na binubuo ng magkakasunod na tunog, pantig, o salita na sadyang mahirap bigkasin nang mabilis at malinaw. Karaniwang gumagamit ito ng pag-uulit ng tunog at tiyak na pattern ng ponolohiya na nagiging parang palaisipan o hamon sa dila ng nagsasalita. Sa pag-aaral na isinagawa ni Lipski (2020a), sinasabi nitong nagsisilbi phonetic drill ang mga tongue-twister na tumutulong hindi lamang sa pagpapahusay ng bigkas kundi pati sa paglinang ng iba't ibang kasanayang pangwika. Dagdag pa rito, ayon kina Santos at Dizon (2023), ang tongue-twister ay maaaring tingnan bilang cultural text na nagtataglay ng damdamin, kaisipan, at pagpapahalagang nakaugat sa kultura ng isang pamayanan. Hindi lamang ito ehersisyo sa pagsasalita kundi paraan din upang mapanatili ang identidad ng wika at lipunan.

Sa mga Kapampangan, ang tongue-twister ay hindi lamang simpleng laro ng salita kundi naglalaman din ito ng mga nakatagong kahulugan na nakaugat sa kanilang wika at kultura. Halimbawa, ang kaku ay nangangahulugang “sa akin ka,” at ang keka ay “sa iyo.” Kapag pinagsama sa pariralang kaku ka keka ku, ito ay nagiging pahayag ng ugnayan at pag-aangkin: “ako ay sa iyo at ikaw ay akin.” Itinuturo ni Lopez (2021c) na ang ganitong simpleng parirala ay maaaring maglaman ng masalimuot na kahulugan na nagmumula sa kombinasyon ng maliliit na bahagi ng salita. Sa paggamit ng mga pantig at morpema, kahit paulit-ulit ang tunog, malinaw at buo pa rin ang mensaheng ipinapahayag. Hindi lamang ito nagpapakita ng galing sa paglalaro ng tunog, kundi nagpapatunay rin ng kahusayan ng Kapampangan sa malikhaing pagpapahayag. Bukod dito, ang Kapampangan ay kilala sa semantic layering ni Fauconnier at Turner (2002), isang penomenon kung saan ang isang salita o pangungusap ay maaaring maglaman ng maramihang kahulugan nang sabay-sabay: literal, metaporikal, at idyomatikong depinisyon. Nakabatay ito sa tono, konteksto, at relasyon ng mga nag-uusap. Dahil dito, ang isang simpleng pangungusap ay maaaring unawain bilang biro, pahiwatig, o seryosong mensahe depende sa sitwasyon.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang semantikang katangian ng mga tongue-twister sa Kapampangan. Partikular, susuriin kung paano nagkakaroon ng maraming antas ng kahulugan ang mga ito, at kung paano nakatutulong ang tongue-twisters sa pagpapanatili ng kultural na identidad ng mga Kapampangan. Bagama't may ilang pag-aaral hinggil sa ponolohiya at semantika ng Kapampangan, kakaunti pa ang nakatuon sa tongue-twisters bilang daluyan ng kahulugan at kultural na pagpapahayag. Ang pananaliksik na ito ay tumutugon sa kakulangan na iyon.

Sa kabuuan, ang mga tongue-twister sa Kapampangan ay hindi lamang pampalibang o simpleng pagsasanay sa dila. Ang mga ito ay patunay ng yaman at lalim ng wika, ng maselang relasyon ng tunog at kahulugan, at ng mahalagang papel ng wika sa pagpapanatili,

pagpapalaganap, at pagpapatibay ng kultural na identidad ng mga Kapampangan. Dagdag pa, ang pagsusuri sa mga ganitong anyo ng wika ay nag-aambag sa mas malawak na larangan ng lingguwistika sa Pilipinas at nagbibigay-diin sa pangangailangang protektahan at pagyamanin ang mga katutubong wika sa gitna ng modernisasyon.

### ***Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral***

Ang wika at kultura ay hindi maihihiwalay sa isa't isa. Sa pamamagitan ng wika, naipahahayag ng isang pamayanan ang kanilang pananaw, karanasan, at mga pagpapahalaga na nagiging bahagi ng kanilang identidad. Kaya naman, mahalagang pag-aralan ang kalagayan ng mga wika sa Pilipinas upang higit na maunawaan ang ugnayan ng wika, kultura, at lipunan.

Bawat bansa ay may sariling paniniwala at nakaugaliang gawain na minana mula pa sa kanilang mga ninuno. Sa Pilipinas, kilala tayo bilang isang bansang mayaman sa iba't ibang aspeto ng kultura, at isa sa mga grupong nagbibigay ng kakaibang kulay rito ay ang mga Kapampangan. Ayon sa Philippine Statistics Authority (2020), tinatayang may 2,890,000 na Kapampangan, kaya't sila ang ikapitong pinakamalaking pangkat etniko sa bansa. Pinakamarami sa kanila ay matatagpuan sa Pampanga at Tarlac, ngunit may mga pamayanan din sa karatig nitong mga probinsya gaya ng Nueva Ecija, Bataan, Bulacan, at Zambales.

Ang wikang ginagamit nila ay tinatawag na "Pampango" o "Kapampangan," isa sa mga pangunahing wika ng Pilipinas at kabilang sa pamilya ng wikang Malayo-Polynesia (Lopez, 2021a). Noong 1571, napansin ng mga Español na ang palapantigan ng Kapampangan ay maaaring iugnay sa wikang Devangari. Mayroon din itong sariling ortograpiya at alpabeto, na kapansin-pansin dahil wala itong titik na "h." Noong 1896, nailathala ang Alfabeto Pampango ni Alvaro de Benavente, isang mahalagang tala ng katutubong sistema ng pagsulat. Ang salitang "Kapampangan" ay nagmula sa ugat na "pampang," na nangangahulugang tabing-ilog, na sumasalamin sa heograpikal na kalagayan at pamumuhay ng mga tao sa rehiyon.

Sa kasalukuyan, unti-unti nang humihina ang paggamit ng Kapampangan, lalo na sa mga lugar kung saan ito tradisyunal na ginagamit. Marami sa kabataan ang mas komportableng gumamit ng Filipino o Ingles dahil naupang kakaunti na lamang ang tunay na bihasa sa kanilang katutubong wika (Cruz, 2022). Gayunpaman, nananatiling buhay ang Kapampangan sa mga lalawigan ng Pampanga, Tarlac, at maging sa ilang bahagi ng Zambales at Bataan. Higit pa sa kanilang wika, kinikilala ang mga Kapampangan bilang isa sa mga pinakamaimpluwensyang pangkat etniko sa bansa. Patuloy nilang ipinagmamalaki ang kanilang mayamang kultura mula sa mga pamahiin at tradisyon hanggang sa malikhaing sining na hanggang ngayon ay nagsisilbing mahalagang bahagi ng pambansang pagkakakilanlan ng mga Pilipino.

Hindi lamang kilala ang Pampanga sa mayamang kultura nito sa sining ng pagluluto, kundi maging sa natatanging ambag sa sining at panitikan. Isa sa mga tampok na ambag ng mga Kapampangan ay ang Crisotan o Kapampangan Balagtasán, na nagsisilbing larangan ng masining na palitan ng talino at damdamin sa pamamagitan ng tugmaan at sukat ng tula. Gayundin, mahalaga ring bahagi ng kanilang panitikang pasalita ang mga tongue-twister.

Bagama't sa unang tingin ay tila simpleng laro ng dila, ang tongue-twister ay nagtataglay ng masalimuot na ponetiko, morpemiko, at semantikong katangian. Sa bawat pag-uulit ng pantig, nahahayag ang kasiningan ng wika at ang malikhaing paraan ng pagpapahalaga ng identidad. Ayon kina Puspita et al. (2023), ang ganitong estruktura ay nakapagpapaunlad ng *phonological awareness* at nagpapalalim ng pag-unawa sa ponetika at morpolohiya. Dagdag pa rito, ipinakita ni Li (2023) na ang mga tongue-twister sa Asya ay nagsisilbing representasyon ng pagkakakilanlan ng kultura. Makikita na ang tongue-twister ay higit pa sa aliwan. Ito ay epektibong kasangkapan sa pagtuturo ng ponolohiya at semantika, at salamin ng tradisyon at kultural na kamalayan ng mga Kapampangan.

Maliban dito, ang tongue-twisters ay nagsisilbi ring paraan ng pagpapanatili ng kasiglahan at kasiningan ng wika sapagkat ipinakikita nito ang likas na yaman ng tunog at

estruktura ng Kapampangan. Dinisenyo ang mga ito upang pagsamahin ang iba't ibang tunog at pantig na sumusubok sa bilis at katumpakan ng pagsasalita, lalo na kapag inuulit-ulit bigkasin ang mga salita (Turong Wika, 2024). Nagsisilbi rin itong tulay ng pagkatuto para sa mga kabataan, dahil bukod sa nakapagpapalawak ng bokabularyo, ito ay nakapagpapayaman ng kanilang kasanayan sa komunikasyon. Sa mas malalim na antas, maituturing din itong salamin ng identidad at malikhaing pananaw ng mga Kapampangan na nakaugat sa kanilang tradisyon at kultura.

Sa isinagawang lektura at presentasyon ni Dr. Seunghun Lee ng UP Working Papers in Linguistics (2025) binigyang diin niya rito na ang ponetikong estruktura ng Kapampangan ay may mahahalagang aspekto tulad ng tunog, intonasyon, at bilis ng pagsasalita. Sa kanyang presentasyon, binigyang-diin na ang mga ito ay hindi lamang teknikal na bahagi ng wika kundi nakaaapekto rin sa kung paano ito naiintindihan at nagagamit sa iba't ibang gawain sa komunikasyon. Sa ganitong pananaw, higit na nauunawaan na ang tongue-twisters ay hindi lamang aliwan kundi isang larangan kung saan nasusubok at naipakikita ang ponetikong kayarian ng Kapampangan.

Ipinakita rin sa pag-aaral ni Mendoza (2021) na ang mga tongue twister sa mga katutubong wika sa Pilipinas, kabilang ang Kapampangan at Tagalog, ay gumagamit ng paulit-ulit na morpema upang maipakita ang natatanging tunog at kultura ng bawat wika. Bukod dito, natuklasan sa kaniyang pagsusuri na ang pag-uulit ng pantig at paggamit ng magkatulad na morpemang leksikal ay nakapagpapalakas sa ritmo at himig ng tongue twister. Ang mga natuklasan nina Santos at Cruz (2022) ay sumusuporta sa obserbasyon ni Mendoza (2021) na epektibo ang gamit ng mga tongue twister sa pagtuturo ng ponolohiya at morpolohiya dahil malinaw nitong nailalarawan ang ugnayan ng mga morpema sa pagbubuo ng kahulugan. Sa kabuuan, makikita na ang pagsusuri sa morpema ng mga tongue twister ay may malaking ambag hindi lamang sa lingguwistika kundi maging sa larangan ng edukasyon at pananaliksik kultural.

Higit pa sa ponetika at morpolohiya, ang Kapampangang tongue-twisters ay naglalaman din ng detalyadong semantikong katangian na nagpapatingkad sa kultura at malikhaing gamit ng wika. Sa pamamagitan ng paglalaro ng mga salita, lumilikha ang mga ito ng literal, metapora at idyomatikong kabuluhan na nakaugat sa karanasan ng mga Kapampangan. Pinapahunayan lamang nito na ang Kapampangang tongue-twisters ay may kakayahang magpahayag ng kahulugan sa maraming antas, mula sa payak na literal na mensahe hanggang sa masalimuot na metapora at idyomatikong kahulugan, na nagbubukas ng pagkakataon upang higit na maunawaan at mapalalim ang kultura at karanasan ng mga Kapampangan.

Sa kabuuan, ang pagsusuri sa mga tongue-twister ng mga Kapampangan ay nagpatunay na ang mga ito ay higit pa sa simpleng paglalaro ng wika. Taglay ng bawat parirala o ng mga salita ang masalimuot na anyo ng ponetiko, estrukturang morpemiko at makulay na semantikong katangian na nagpapakita ng malikhaing katangian ng wikang Kapampangan. Sa pamamagitan ng mga ito, naipapakita ang kakayahan ng wika na lumikha ng ritmo, tunog, at anyo na hindi lamang nakapagpapasigla sa kasanayan sa pagsasalita, kundi nagsisilbing buhay na salamin ng kultura at identidad ng pamayanan. Masasalamang na ang mga tongue-twister ay may mahalagang papel at gampanin sa pagpapanatili at pagpapayaman ng wikang Kapampangan. Bukod sa paglilinang ng kasanayang lingguwistiko, ito rin ay nagsisilbing daluyan ng pagpapasa ng tradisyon at pagpapalalim ng kamalayang kultural. Samakatuwid, ang tongue-twister ay hindi dapat ituring na payak na laro ng salita, kundi isang makabuluhang bahagi ng wikang-buhay ng mga Kapampangan na nararapat pang pagyamanin at ipreserba para sa susunod pang henerasyon.

### ***Teoretikal na Balangkas***

Mahalaga ang papel ng iba't ibang teorya sa isinagawang pagsusuri ng mga semantikang katangian ng tongue-twister sa wikang Kapampangan. Sa pag-unawa kung paano nakalilikha ng masalimuot na kahulugan ang paulit-ulit na pantig, ginamit ang Morpheme-Based Morphology nina Aronoff at Katamba (1976). Binibigyang-diin ng teoryang ito na ang morpema ang pinakamaliit na yunit ng wika na may kahulugan at kapag pinagsama ay nakabubuo ng mas mataas na antas ng mensahe. Halimbawa, sa pahayag na “kaku ka keka ku”, bawat morpema (ka, ku, keka) ay may tiyak na kahulugan ngunit nagiging ganap ang saysay nito kapag isinasaalang-alang sa estruktura ng pangungusap at sa konteksto ng kulturang Kapampangan. Kaugnay nito, mahalaga ring isaalang-alang ang Semantic Layering Theory nina Fauconnier at Turner (2002) na nagsasabing ang isang pahayag ay maaaring maglaman ng literal, metaporikal, at idyomatikong kahulugan nang sabay-sabay. Ipinakikita nito na ang tongue-twister ay hindi lamang pagsasanay sa mabilis at tamang bigkas kundi isang malikhaing paraan ng pagpapahayag na nakaugat sa kultural at panlipunang karanasan ng mga tao.

Dagdag pa rito, binibigyang-diin din ng Pragmatics-Semantics Interface ni Levinson (1983) ang kahalagahan ng konteksto sa pagbibigay-kahulugan. Ang parehong salita o estruktura ay maaaring magbago ng interpretasyon depende sa tono, sitwasyon, at relasyon ng mga tagapagsalita. Sa ganitong pananaw, malinaw na ang kahulugan ay hindi nakapirmi sa mismong salita kundi nahuhubog mula sa ugnayan ng estruktura ng wika, konteksto, at kultural na realidad. Samantala, ipinakikita naman ng Functionalist Theory of Language nina Halliday at Hasan (1989) na ang wika ay may gampaning panlipunan. Sa ganitong lente, ang tongue-twister, bagama't madalas tingnan bilang larong lingguwistiko, ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsasalita, pagpapahayag ng damdamin, at pagpapatibay ng kultural na identidad ng mga Kapampangan. Mahalaga ring isaalang-alang ang pananaw ng Ethnolinguistics na nag-uugnay sa wika at kultura. Sa perspektibong ito, ang tongue-twister ay hindi lamang paglalaro ng tunog at salita, kundi nagsisilbing kultural na diskurso na naglalarawan ng pananaw, pagpapahalaga, at kolektibong identidad ng mga tagapagsalita ng Kapampangan.

Sa kabuuan, naipakikita ng mga tongue-twister na ang wika ay higit pa sa teknikal na pagsasama ng tunog at morpema. Ito ay isang masining na penomenon na nagmumula sa ponolohiya at morpolohiya, lumalawak sa semantika at pragmatika, at nakaugat sa panlipunan at kultural na karanasan. Dahil dito, ang simpleng pahayag gaya ng “kaku ka keka ku” ay nagiging malinaw na patunay ng lalim, yaman, at dinamismo ng wikang Kapampangan bilang isang buhay at makabuluhang wika.

### ***Paglalahad ng Suliranin***

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri kung paano nabubuo at naipahahayag ang kahulugan ng mga tongue-twister sa wikang Kapampangan, gaya ng “kaku ka keka ku.” Binibigyang-pansin dito ang paraan ng paggamit ng paulit-ulit na pantig at estruktural na pagkakaayos ng mga salita upang makalikha ng makabuluhang pahayag.

Kasama rin sa pagsusuri ang pagtukoy sa mga morpema at pantig na bumubuo sa mga tongue-twister, ang ugnayan ng ponolohiya at semantika sa pagbibigay-kahulugan, at ang paglalapat ng literal, metaporikal, at idyomatikong pagpapakahulugan.

Dagdag pa rito, sinusuri kung paano nagiging daluyan ng kultural na identidad at kolektibong karanasan ang mga tongue-twister, gayundin ang impluwensiya ng kontekstong kultural sa pag-unawa at paggamit nito ng mga tagapagsalita.

Partikular, layunin ng pananaliksik na:

1. Masuri ang estruktura ng mga tongue-twister sa wikang Kapampangan batay sa pantig at morpema.
2. Maisa-isa ang iba't ibang antas ng pagpapakahulugan na nakapaloob sa mga tongue-twister sa Kapampangan
  - a. literal
  - b. metaporikal
  - c. idyomatiko
3. Maipakita ang kasanayan at kamalayan sa tongue-twister ng Kapampangan sa pagsasalita at malikhaing pagpapahayag.
4. Mapahalagahan at mapanatili ang tongue-twister bilang salamin at tagapagdala ng kultural na identidad ng mga Kapampangan.

## **Metodolohiya**

### ***Disenyo ng Pananaliksik***

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng pamamaraang deskriptibong kwalitatibong disenyo upang mailarawan, maipaliwanag, at masuri ang literal at sosyo-kultural na kahulugan ng mga piling tongue-twister sa wikang Kapampangan.

### ***Pagpili ng Sampol***

Upang maging mas malawak at representatibo ang mga datos, hindi lamang isang video clip ang ginamit, kundi pinagsama-sama ang iba't ibang batis tulad ng mga nakasulat na koleksiyon, karagdagang materyal mula sa internet, at mga kolektibong kaalaman ng mga mamamayan ng Pampanga sa mga tongue-twister. Sa ganitong paraan, nabuo ang isang mas masaklaw na korpus ng tongue-twisters na nagsilbing pangunahing batayan ng pagsusuri. Gumamit ang pag-aaral ng purposive sampling upang piliin ang mga impormanteng may sapat na kaalaman sa wikang Kapampangan at pamilyar sa paggamit ng tongue-twisters. Isinasaalang-alang sa pagpili ang iba't ibang pangkat ng edad (kabataan, nasa hustong gulang, at nakatatanda) upang masuri ang impluwensiya ng henerasyon sa interpretasyon; ang kasarian (kalalakihan at kababaihan) upang makita ang pagkakaiba o pagkakatulad ng pananaw; at ang antas ng edukasyon (mula elementarya hanggang tersyarya) upang matukoy kung nakaaapekto ang pormal na edukasyon sa lawak ng pag-unawa. Mahigpit ding pinili ang mga kalahok na may kakayahan sa wikang Kapampangan at may aktuwal na pamilyaridad sa mga tongue-twisters, upang matiyak na ang kanilang mga tugon ay nakaugat sa tunay na paggamit ng wika at hindi lamang ito natutuhan sa kakaunting panahon na paninirahan sa probinsya ng Pampanga.

### ***Instrumento ng Pananaliksik, Pangangalap, at Pagsususri ng Datos***

Ang mga pananaw at karanasan ng sampol ay nakalap sa pamamagitan ng sarbey-kwestyuneyr at naging batayan ng pagsusuring semantiko. Isinagawa ang pagsusuri sa dalawang yugto: una, pagtukoy sa kahulugan ng mga piling tongue-twister batay sa pantig at salitang-ugat; at ikalawa, ang pagsusuri sa semantikong relasyon ng mga salita sa loob ng tongue-twister. Sa ganitong metodo, higit na mas mapagtitibay ang bisa ng pag-aaral na ang tongue-twister ay hindi lamang tinatalakay bilang larong-pantinig, kundi bilang masalimuot na daluyan ng kahulugan, identidad, at kultural na kamalayan ng mga Kapampangan. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, mas naging malawak ang saklaw, mas representatibo ang pananaw, at mas matatag na pagsusuri ang naganap para sa larangan ng semantika at pag-aaral ng wikang Kapampangan.

## Resulta at Diskusyon

Sa bahaging ito, ilalahad at tatalakayin ang mga datos tungkol sa semantikang katangian ng mga tongue-twister ng mga Kapampangan. Ipinakikita ng resulta na ang mga ito ay may paulit-ulit na tunog, maayos na estruktura, at ugnayan ng kahulugan na nagbibigay ng kakaibang anyo at saysay. Lumitaw rin na hindi lamang ito laro ng dila kundi may mas malalim na kahulugan na kaugnay ng kultura, pagpapatawa, at malikhaing paggamit ng wika. Sa diskusyon, ipakikita kung paano nabubuo ang literal, metaporikal, at kultural na kahulugan ng mga salita at kung paanong ito ay nagsisilbing aliw at bahagi ng identidad ng mga Kapampangan.

### Talahanayan 1. *Estruktura ng mga tongue-twister sa wikang Kapampangan batay sa pantig at morpema*

| Tongue-twister                         | Pantig    | Panlapi    | Salitang-ugat (Kapampangan) | Salitang-ugat (Tagalog) | Pandiwa (Imperpektibo) | Kahulugan (semantika) |
|----------------------------------------|-----------|------------|-----------------------------|-------------------------|------------------------|-----------------------|
| <i>gagaga kang gagaga</i>              | <i>ga</i> | <i>um</i>  | <i>Gaga</i>                 | <i>iyak</i>             | <i>gagaga</i>          | <i>umiiyak</i>        |
| <i>lelele kang lelele</i>              | <i>le</i> | <i>um</i>  | <i>Lele</i>                 | <i>tabi</i>             | <i>lelele</i>          | <i>tumatabi</i>       |
| <i>kukuku kang kukuku</i>              | <i>ku</i> | <i>in</i>  | <i>Kuku</i>                 | <i>ubo</i>              | <i>kukuku</i>          | <i>inuubo</i>         |
| <i>nang nang nang nanangnang</i>       | <i>na</i> | <i>in</i>  | <i>Nangnang</i>             | <i>ihaw</i>             | <i>nanangnang</i>      | <i>iniihaw</i>        |
| <i>ng nang? kukutang kang kukutang</i> | <i>ku</i> | <i>nag</i> | <i>kutang</i>               | <i>tanong</i>           | <i>kukutang</i>        | <i>nagtatanong</i>    |

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang masusing pagsusuri sa estruktura ng mga *tongue-twister* sa wikang Kapampangan batay sa pantig, panlapi, salitang-ugat, at kahulugang semantiko. Mula sa pagsusuri, makikitang ang paulit-ulit na pantig gaya ng *ga*, *le*, *ku*, *na*, at *ku* ay hindi lamang simpleng tunog, kundi nagsisilbing morpemang nagiging batayan ng pagbuo ng salita at kahulugan.

Sa mga wika ng Pilipinas, mahalaga ang papel ng pantig at panlapi sa pagbuo ng salita. Isa sa mga makikitang halimbawa nito ay sa mga *tongue-twister* sa Kapampangan at Tagalog. Ayon kay Del Rosario (2022), ang mga *tongue-twister* ay hindi lamang larong pampalipas-oras, kundi nagsisilbing kasangkapan sa pagpapalakas ng kasanayang ponolohikal at morpolohikal ng mga nagsasalita. Sa pagsusuri ng mga *tongue-twister* sa Kapampangan, nakita kung paanong ang paulit-ulit na pantig gaya ng “*ga*,” “*ku*,” “*nang*,” “*le*” ay sadyang nagiging hamon sa mabilis at tuloy-tuloy na pagbigkas. Sa ganitong paraan, naipakikita na ang mga simpleng salita at tunog ay may mahalagang papel sa pagbubuo ng ponolohikal na estruktura ng wika.

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang estruktura ng mga *tongue-twister* sa wikang Kapampangan batay sa paggamit ng pangungusap o parirala. Makikita na ang bawat *tongue-twister* ay nakabatay hindi lamang sa pantig at salitang-ugat kundi pati na rin sa pangatnig, reduplikasyon ng salita, at kahulugang semantiko.

**Talahanayan 2.** Estruktura ng mga tongue-twister sa wikang Kapampangan batay sa pangungusap o parirala

| <b>Tongue-twister</b>           | <b>Pantig</b>   | <b>Salitang-ugat (Kapampangan)</b> | <b>Pangatnig</b>   | <b>Reduplikasyon</b>          | <b>Kahulugan</b>                       |
|---------------------------------|-----------------|------------------------------------|--------------------|-------------------------------|----------------------------------------|
| <i>gagaga kang gagaga</i>       | <i>ga (-um)</i> | <i>gaga (iyak)</i>                 | <i>kang (nang)</i> | <i>gagaga (umiiyak)</i>       | <i>umiiyak nang umiiyak</i>            |
| <i>lelele kang lelele</i>       | <i>le (-um)</i> | <i>lele (tabi)</i>                 | <i>kang (nang)</i> | <i>lelele (tumatabi)</i>      | <i>tumatabi ka nang tumatabi</i>       |
| <i>kukuku kang kukuku</i>       | <i>ku (in)</i>  | <i>kuku (ubo)</i>                  | <i>kang (nang)</i> | <i>kukuku (inuubo)</i>        | <i>inuubo ka nang inuubo</i>           |
| <i>nang nanangnang ng nang?</i> | <i>na (in)</i>  | <i>nangnang (ihaw)</i>             | <i>ng (ni)</i>     | <i>nanangnang (iniihaw)</i>   | <i>ano iniihaw ni inay</i>             |
| <i>kukutang kang kukutang</i>   | <i>ku (nag)</i> | <i>kutang (tanong)</i>             | <i>kang (nang)</i> | <i>kukutang (nagtatanong)</i> | <i>nagtatanong ka nang nagtatanong</i> |

Una, ang pantig gaya ng *ga*, *le*, *ku*, *na*, at *ku* ay nagsisilbing batayang tunog na paulit-ulit ginagamit sa *tongue-twister*. Ang pag-uulit ng mga pantig na ito ay nagbubunga ng reduplikasyon, na siyang nagbibigay-diin sa kahulugan ng salita at nagpapakita ng proseso ng morpolohiya sa Kapampangan, ang ganitong anyo ng pag-uulit ng pantig o salita ay karaniwang estratehiya sa mga wikang Austronesyano upang bigyang-diin ang kahulugan at gawing natural ang ritmo ng pahayag.

Batay sa pag-aaral nina Lopez (2021c) at M.D.Cruz (2022), malinaw na nakasentro ang mga katutubong wika ng Pilipinas sa paggamit ng bitaw (*stress*), *reduplication*, at *vowel/consonant patterns*. Ang bitaw o diin ay tumutukoy sa pagbibigay-diin sa tiyak na pantig ng salita na siyang nakaaapekto sa kahulugan at tamang pagbigkas. Halimbawa, sa Kapampangan at Tagalog, nagbabago ang kahulugan ng salita depende kung saan inilalagay ang diin. Samantala, ang reduplikasyon o pag-uulit ng pantig o salita ay karaniwang gamit upang ipahayag ang paulit-ulit na kilos (*iyak nang iyak*), pagdidiin ng ideya, o pagpapalawak ng kahulugan. Dagdag pa rito, ang *vowel/consonant patterns* ay tumutukoy sa natatanging kumbinasyon ng mga patinig at katinig na bumubuo sa ritmo at tunog ng isang wika.

Sa Kapampangan, halimbawa, karaniwang inuulit ang pantig na nagtatapos sa patinig (*lelele*, *kukuku*) upang makalikha ng tuluy-tuloy na daloy ng tunog. Ito ang dahilan kung bakit likas na musikal at may sariling pagkakakilanlan ang mga katutubong wika ng Pilipinas. Ang mga elementong ito ang bumubuo ng natural na ritmo at pagkakakilanlan ng wika. Mahahalagang bahagi rin ang salitang-ugat at pangatnig. Ang mga salitang-ugat gaya ng *iyak*, *tabi*, *ubo*, *iihaw*, at *tanong* ay nagsisilbing pundasyon ng semantika, habang ang mga pangatnig tulad ng *kang*, *nang*, *ng*, at *ni* ay nagdurugtong ng mga pantig at nagbibigay-kohezyon sa estruktura ng parirala. Ang reduplikasyon naman ng salita ay malinaw na makikita sa lahat ng halimbawa at ito ang pangunahing mekanismo sa pagbibigay-kahulugan. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na anyo ng salita, naipahahayag ang tuloy-tuloy na kilos, pagdidiin sa emosyon, at kondisyon, gaya ng sa *umiyak nang umiyak*, *tumatabi ka nang tumatabi*, at *nagtatanong ka nang nagtatanong*.

Sa semantikong antas, ang *tongue-twister* ay nagiging mas malalim dahil nakapaglalaro ito sa kahulugan ng salita batay sa pagkakasunod-sunod ng tunog. Halimbawa, ang *nang nanangnang ng nang?* ay hindi lamang tunog na mahirap bigkasin kundi may malinaw na kahulugang *ano ang iniihaw ni inay*. Ang ganitong estruktura ay nagpapakita ng malikhaing paggamit ng wika upang pagsabayin ang anyo ng tunog at kahulugan.

### **Talahanayan 3. Sintaktiko at Semantika ng tongue-twister**

| <b>Mga Tongue-Twisters</b>  | <b>Sintaktiko</b>             | <b>Sematika/Kahulugan</b>       |
|-----------------------------|-------------------------------|---------------------------------|
| Kaku Ka Keka Ku             | sa'kin, ka, sa'yo, ako        | Ako ay sa iyo at ikaw ay akin   |
| Nang, nanangnang nang Nang? | ano, inihaw, inay             | Anong inihaw ni inay?           |
| Kiku ke Kuku i Kiko         | kinuko, ko, kuko, si, Kiko    | Kinuko ko ang kuko ni Kiko      |
| Tang, tin tang tun?         | tay, meron, tayong, isasaing  | Tay, may isasaing ba tayo?      |
| Tse, tsu tsi mo?            | ate, nandyan, ate, mo         | Tita, nandyan ate mo?           |
| Kukuku kung kukuku          | inuubo, ako, inuubo           | Inuubo ako nang inuubo          |
| Kakangkang kang kangkang    | nagsasalita, ka, nagsasalita  | nagsalita ka nang nagsalita     |
| Gagaga kang gagaga          | iyak, ka, iyak                | umiyak kang umiiyak             |
| Nananu ne naman ini         | napano, na naman, ito         | Napapano na naman ito           |
| King tutuki enaka tutuki    | sa, susunod, huwag ka, sasama | Sa susunod huwag ka nang sasama |
| lelele kang lelele          | tabi, nang, tabi              | tumatabi ka nang tumatabi       |

Ipinakikita ng Talahanayan 3 ang ugnayan ng sintaktiko at semantikong aspeto ng mga *tongue-twister* sa wikang Kapampangan. Makikita na ang mga *tongue-twister* ay hindi lamang nakabatay sa tunog at pantig kundi malinaw ding nakapaloob sa estruktura ng pangungusap at nagbibigay ng kahulugan na may kinalaman sa kilos, damdamin, at sitwasyong pang-araw-araw. Una, makikita na ang sintaktikong estruktura ng mga halimbawa ay nakabatay sa simpleng parirala o sugnay gaya ng “*sa'kin, ka, sa'yo, ako*” o “*ano, inihaw, inay.*” Ipinakikita nito na ang *tongue-twister* ay gumagamit ng lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga salita, bagaman inuulit at binibigkas sa mabilis na paraan. Ayon kay Santos (2020), ang sintaktikong estruktura ng mga katutubong wika sa Pilipinas ay kadalasang pinaikli at inuulit upang mapanatili ang ritmo at madaling tandaan. Ikalawa, sa semantikong antas, malinaw na ang bawat *tongue-twister* ay may tiyak na kahulugan at hindi lamang basta paglalaro ng salita. Halimbawa, ang “*Ako ay sa iyo at ikaw ay akin*” ay nagpapahiwatig ng relasyon, samantalang ang “*Anong inihaw ni inay?*” ay tumutukoy sa isang partikular na tanong. Ayon kay M.A.Cruz (2022), ang ganitong katangian ng *tongue-twister* ay nakaugat sa pang-araw-araw na sitwasyon at kultura ng pamayanan, kung saan ang mga simpleng kilos at tanong ay nagiging bahagi ng estrukturang lingguwistiko. Dagdag pa rito, ipinakikita ng mga halimbawa ang pagpapahayag ng damdamin at kondisyon. Halimbawa, “*Umiyak nang umiyak*” ay nagpapakita ng patuloy na emosyon, habang “*Inubo ako nang inubo*” ay nagpapahayag ng kalagayang pisikal. Batay kay Lopez (2021c), ang ganitong uri ng reduplikasyon ay mahalagang bahagi ng mga wikang Austronesyano upang ipakita ang aspektong gramatikal tulad ng pag-uulit, pagpapatuloy ng aksyon, o pagbibigay-diin. Ikatlo, mapapansin din na ang *tongue-twister* ay nagsisilbing kasangkapang kultural. Ang mga halimbawa gaya ng “*Tay, may isasaing ba tayo?*” o “*Napapano na naman ito*” ay nagbubukas ng diskurso hinggil sa ugnayang pampamilya at pangkomunidad. Ayon kay Dizon at Ramirez (2023), ang mga *tongue-twister* ay hindi lamang praktis sa artikulasyon kundi nagsisilbing paraan upang mapanatili at maipasa ang mga ekspresyon at gawi ng isang komunidad.

Ipinakikita ng datos na ang mga *tongue-twister* sa Kapampangan ay may mahalagang tungkulin hindi lamang sa ponolohiya kundi maging sa sintaktiko at semantikong estruktura ng wika. Ang ugnayan ng pantig, salita, at parirala ay lumilikha ng malinaw na kahulugan na nakaugat sa pang-araw-araw na buhay, damdamin, at kultura ng mga Kapampangan. Pinatutunayan ito ng mga pananaliksik na nabanggit sa itaas na ang *tongue-twister* ay higit pa sa larong lingguwistiko; ito ay salamin ng identidad at malikhaing paggamit ng wika.

Ipinakikita ng Talahanayan 4 na ang mga *tongue-twister* sa wikang Kapampangan ay hindi lamang nagtataglay ng literal na kahulugan, kundi mayroon ding mas malalim na antas ng pagpapakahulugan gaya ng metaporikal at idyomatiko. Ipinakikita ng estrukturang ito na ang *tongue-twister* ay may kakayahang maghatid ng mensahe na higit pa sa simpleng paglalaro ng tunog at pantig.

**Talahanayan 4.** Antas ng Pagpapakahulugan—Literal, Metaporikal, at Idyomatiko—na Nakapaloob sa mga Tongue-Twister

| <b>Tongue-Twister</b>                          | <b>Literal na Kahulugan</b>                                  | <b>Metaporikal na Kahulugan</b>                                                           | <b>Idyomatiko / Malalim na Pakahulugan</b>                                                  |
|------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------|
| Kaku Ka Keka Ku                                | Ako ay sa iyo at ikaw ay akin.                               | Sumisimbolo ng ugnayan o relasyon.                                                        | Pahayag ng pagiging “para sa isa’t isa”                                                     |
| Nang, nanangnang nang Nang?                    | Anong inihaw ni Inay?                                        | Metapora ng pagmamalasakit ng ina.                                                        | Pagpapakita ng pag-aalaga ng magulang.                                                      |
| Kiku ke Kuku i Kiko                            | Kinuko ko ang kuko ni Kiko                                   | Sagisag ng pakikialam at pakikisama.                                                      | Ipinapakita nito ang pagmamahal, pag-aalaga, at pagiging mapagkalinga.                      |
| Tang, tin tang tun?                            | Tay, may isasaing ba tayo?                                   | Metapora ng pangangailangan at kakulangan.                                                | Kakapusan o karukhaan ng isang pamilya                                                      |
| Tse, tsu tsi mo?                               | Tita, nandyan ate mo?                                        | Pahiwatig ng pagtatanong o paghahanap.                                                    | Pagmamalasakit o pangungumusta sa kapamilya.                                                |
| Kukuku kung kukuku                             | Inuubo ako nang inuubo                                       | Nagpapahiwatig ng karamdaman                                                              | Nagpapahiwatig ng patuloy na paghihirap o pasanin na kailangang tiisin.                     |
| Kakangkang kang kangkang<br>Gagaga kang gagaga | nagsalita ka nang nagsalita<br>umiyak kang umiyak            | Larawan ng labis na pagsasalita.<br>Simbolo ng kahinaan ng damdamin.                      | Sobrang salita nang walang laman<br>Pahayag ng sobrang lungkot o pag-iyak nang labis.       |
| Nananu ne naman ini                            | Napapano na naman ito                                        | Metapora ng pagkaabala o pagkadismaya.                                                    | Nagpapahayag ng pagod o pagkadismaya sa paulit-ulit na problema o pangyayari.               |
| King tutuki enaka tutuki<br>lelele kang lelele | Sa susunod huwag ka nang sasama<br>tumatabi ka nang tumatabi | Pahiwatig ng pagtatakda ng hangganan.<br>Pagpapahayag ng presensya at malapit na ugnayan. | Isang pahiwatig ng limitasyon sa relasyon o samahan.<br>Pagpapahayag ng apeksiyon sa kasama |

Sa literal na antas, makikita ang malinaw na kahulugan ng bawat *tongue-twister* gaya ng “*Ako ay sa iyo at ikaw ay akin*” o “*Anong inihaw ni Inay?*” na tumutukoy lamang sa ugnayan o tanong. Sa metaporikal na antas, ang kahulugan ay lumalawak at nagiging simbolo, gaya ng “*Simbolo ng ugnayan o relasyon*” at “*Metapora ng pagmamalasakit ng ina.*” Ipinakikita nito na ang mga *tongue-twister* ay naglalaman ng mas malalim na pahiwatig na nakaugat sa kultura at karanasan ng pamayanan.

Sa idyomatiko o malalim na antas, ang mga *tongue-twister* ay nagiging pahayag ng damdamin, kultura, at pagpapahalaga. Halimbawa, ang “*Ako ay sa iyo at ikaw ay akin*” ay nagiging idyomang “*para sa isa’t isa,*” habang ang “*Umiyak nang umiyak*” ay idyomatikong pahayag ng matinding kalungkutan. Ayon kay M.A.Cruz (2022), ang ganitong mga pahayag ay hindi maaaring unawain lamang sa literal na kahulugan, kundi kailangang basahin sa konteksto ng kultura at wika. Makikita rin na ang *tongue-twister* ay nagsisilbing tagapagdala ng kolektibong karanasan ng mga Kapampangan. Ang mga pahayag tulad ng “*Pagmamalasakit o pangungumusta sa kapamilya*” at “*Pagpapakita ng pag-aalaga ng magulang*” ay nagpapakita na ang *tongue-twister* ay nagiging salamin ng pagpapahalagang panlipunan at ugnayang pampamilya. Ayon kay Lopez (2021c) at Dizon at Ramirez (2023), ang mga elementong idyomatiko sa mga katutubong wika ay nagbibigay-buhay sa pagpapahayag at nagtataglay ng natatanging identidad ng isang pamayanan.

Ipinakikita ng datos na ang mga *tongue-twister* ay may tatlong antas ng kahulugan: literal, metaporikal, at idyomatiko. Sa literal na antas, malinaw ang kahulugan ng salita; sa metaporikal na antas, nagiging simbolo ito ng mas malalim na ideya; at sa idyomatiko, ito ay nagiging pahayag ng damdamin at pagpapahalaga na nakaugat sa kultura ng mga

Kapampangan. Samakatwid, ang *tongue-twister* ay hindi lamang larong lingguwistiko kundi isang makabuluhang paraan ng pagpapahayag ng identidad, emosyon, at kultura.

**Talahanayan 5.** Kaalaman at Pagpapahalaga sa Tongue-Twister bilang Kultural na Identidad at Malikhaing Pagpapahayag

| Pangkat ng Respondente    | Mga Tongue-twister          | Bilang ng alam | Bilang ng hindi alam | Bahagdan sa alam | Bahagdan sa hindi alam |
|---------------------------|-----------------------------|----------------|----------------------|------------------|------------------------|
| Kabataan<br>(edad 10-30)  | Kaku Ka Keka Ku             | 27             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Nang, nanangnang nang Nang? | 5              | 22                   | 19.51%           | 81.49%                 |
|                           | Kiku ke Kuku i Kiko         | 27             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Tang, tin tang tun?         | 27             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Tse, tsu tsi mo?            | 10             | 17                   | 37.04%           | 63.96%                 |
|                           | Kukuku kung kukuku          | 7              | 20                   | 25.93%           | 74.07%                 |
|                           | Kakangkang kang kangkang    | 3              | 24                   | 11.11%           | 89.89%                 |
|                           | Gagaga kang gagaga          | 27             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Nananu ne naman ini         | 27             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | King tutuki enaka tutuki    | 10             | 17                   | 37.04%           | 62.96%                 |
| Matatanda<br>(edad 31-60) | lelele kang lelele          | 14             | 13                   | 51.85%           | 41.15%                 |
|                           | Kaku Ka Keka Ku             | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Nang, nanangnang nang Nang? | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Kiku ke Kuku i Kiko         | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Tang, tin tang tun?         | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Tse, tsu tsi mo?            | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Kukuku kung kukuku          | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Kakangkang kang kangkang    | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Gagaga kang gagaga          | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | Nananu ne naman ini         | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | King tutuki enaka tutuki    | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |
|                           | lelele kang lelele          | 23             | 0                    | 100%             | 0%                     |

Makikita sa Talahanayan 5 na may malaking pagkakaiba sa kaalaman ng kabataan (10–30 taong gulang) at matatanda (31–60 taong gulang) tungkol sa mga *tongue-twister* sa wikang Kapampangan. Sa panig ng kabataan, may ilang *tongue-twisters* na lubos nilang kilala tulad ng *Kaku Ka Keka Ku*, *Kiku ke Kuku i Kiko*, at *Tang, tin tang tun* kung saan lahat ng kalahok ay nakakaalam. Gayunpaman, mababa ang bilang ng kabataan na nakakaunawa ng ibang *tongue-twisters* gaya ng *Nang, nanangnang nang Nang* na 19.51% lamang ang may alam at *Kakang kang kangkang* na 11.11% lamang ang pamilyar. Malinaw rin na marami ang hindi nakakaalam ng kahulugan ng *Tse, tsu tsi mo?* (63.96% hindi alam), *Kukuku kung kukuku* (74.07% hindi alam), *King tutuki enaka tutuki* (62.96% hindi alam), at *Lelele kang lelele* (41.15% hindi alam). Ipinakikita nito na bagama’t may ilang popular na *tongue-twisters* na naipapasa sa kabataan, marami pa rin ang hindi pamilyar, na nagpapakita ng unti-unting paghina ng pagpapasa ng kaalaman sa bawat henerasyon. Samantala, makikita na ang matatanda ay halos lahat pamilyar at nakakaalam ng lahat ng nakalistang *tongue-twisters* sapagkat 100% ng mga kalahok ay may kaalaman sa bawat aytem. Ipinakikita nito na mas matibay ang kanilang koneksyon at kaalaman sa mga tradisyunal na anyo ng wika.

Ayon kina Santos at Dizon (2023), ang *tongue-twisters* ay hindi lamang ehersisyo sa pagsasalita kundi isang *cultural text* na naglalaman ng damdamin, kaisipan, at pagpapahalagang nakaugat sa pamayanan. Ipinakikita ng datos na mas nakauunawa ang matatanda sa mga kahulugang ito, samantalang ang kabataan ay mas nalalayo dahil sa impluwensiya ng Filipino at Ingles (Lopez, 2021c; Lipski, 2020a). Higit pa rito, ayon kay R.Gutierrez (2024), nasa *Level 7 (Shifting)* ng *EGIDS* ang wikang Kapampangan, na nangangahulugang hindi na lubos na naipapasa sa mga kabataan at unti-unti nang nababawasan ang gamit. Kaugnay nito, binanggit ni Fishman (1991) na ang kakulangan ng kabataan sa paggamit ng mga tradisyunal na pahayag ay palatandaan ng panganib sa wika.

Dagdag pa, napapalitan o nahahaluan na ng Tagalog at Ingles (Taglish) ang

bokabularyong ginagamit ng kabataang Kapampangan (M.Gutierrez, 2024). Dahil dito, mas nagiging mahalaga ang *tongue-twisters* bilang daluyan ng tradisyunal na salita na maaaring mawala kung hindi mapapangalagaan. Tulad ng binanggit nina Santos at Manlapig (2025), ang mga ganitong anyo ay hindi lamang para sa aliwan kundi maaari ring gamiting pedagohikal na materyal para mapanatili ang wika at kultura.

Sa kabuuan, mas mataas ang kaalaman at pagpapahalaga ng matatanda kumpara sa kabataan. Ipinapakita nito ang unti-unting paghina ng oral tradition. Nananatiling mahalaga ang *tongue-twisters* bilang malikhaing pagpapahayag at kultural na identidad, ngunit nasa panganib itong maglaho kung hindi maipapasa sa susunod na henerasyon.

## **Konklusyon**

Batay sa isinagawang pagsusuri, napatunayan na ang mga tongue-twister sa wikang Kapampangan ay higit pa sa simpleng laro ng dila o pampalipas-oras lamang. Sa unang tingin, maaaring ituring itong isang masayang pagsasanay sa mabilis na pagbigkas, subalit kapag masusing pinag-aralan, lumilitaw na ang mga ito ay may mas malalim na saysay. Naglalaman ang mga tongue-twister ng masalimuot na estruktura ng ponolohiya, morpolohiya at semantika na malinaw na nagpapakita ng malikhaing katangian ng wika. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pantig, paggamit ng mga panlapi at pagbabalangkas ng mga salitang-ugat, nagagawa ng mga Kapampangan na bumuo ng mga pahayag na may iba't ibang antas ng kahulugan mula sa literal hanggang sa metaporikal at idyomatiko. Dahil dito, hindi lamang ito nagsisilbing ehersisyo sa pagsasalita kundi isa ring daluyan ng pagpapahayag ng mga ideya at damdamin.

Bukod dito, nakita rin na ang mga tongue-twister ay may mahalagang gampanin bilang tagapagdala at tagapagpanatili ng kultural na identidad ng mga Kapampangan. Sa bawat salita at pantig, nasasalamang ang kanilang karanasan, pananaw, at pagpapahalaga na bahagi ng kanilang pagkakakilanlan. Sa ganitong paraan, hindi lamang ito produkto ng malikhaing paggamit ng wika, kundi isa ring buhay na representasyon ng kanilang kultura. Mahalaga rin ang papel nito sa edukasyon, sapagkat nakatutulong ito sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas, sa pagpapalawak ng bokabularyo, at higit sa lahat, sa pagbibigay ng mas malalim na kamalayang pangkultura lalo na sa kabataang nag-aaral pa lamang ng kanilang sariling wika. Samakatuwid, ang tongue-twister ay dapat kilalanin at pahalagahan bilang isang makabuluhang anyo ng panitikan at wika. Isa itong mabisang kasangkapan sa paglinang ng kasanayang lingguwistiko at sabay na nagsisilbing tulay upang mapanatili at mapayaman ang kultural na pamana ng mga Kapampangan. Sa panahon ng modernisasyon at mabilis na pagbabago ng lipunan, kung saan unti-unting nababawasan ang paggamit ng mga katutubong wika, lalo itong nagiging mahalaga. Ang patuloy na paggamit, pag-aaral, at pagpapalaganap ng mga tongue-twister ay makapagbibigay ng siguridad na ang wika at kultura ng mga Kapampangan ay mananatiling buhay at makabuluhan sa susunod pang mga henerasyon. Sa huli, ang mga simpleng laro ng dila ay nagiging patunay na ang wika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi isang buhay na pamana na dapat ipreserba at ipagmalaki.

## **Rekomendasyon**

Inirerekomenda ng pag-aaral na gamitin ang mga tongue-twister bilang pantulong na materyal sa pagtuturo upang masanay ang mga mag-aaral sa tamang bigkas, ritmo, at artikulasyon. Mahalaga ring tipunin at itala ang mga tradisyunal na tongue-twister sa Kapampangan upang mapanatili ang mga ito at maisama sa mga programang pangkultura sa paaralan man o pangkomunidad. Mainam din na palawakin pa ang pananaliksik sa pamamagitan ng paghahambing sa ibang katutubong wika ng Pilipinas. Higit sa lahat, dapat hikayatin ang kabataan na gamitin ang mga tongue-twister bilang masayang paraan ng pagkatuto at komunikasyon upang manatiling buhay ang paggamit ng Kapampangan sa pamilya at komunidad.

## Sanggunian

- Aronoff, M., & Katamba, F. (1976). *Morpheme-based morphology*. Oxford University Press.
- Balingit, R. (2020). *Ang kasiningan ng wikang Kapampangan: Isang pagsusuri sa ponolohiya at semantika*. University of the Philippines Press.
- Cruz, J. (2022). *Wikang Kapampangan at ang hamon ng modernisasyon*. Ateneo de Manila University Press.
- Cruz, M. (2023a). Semantic shifts in Philippine indigenous languages: Borrowing and cultural adaptation. *Philippine Journal of Linguistics*, 54(2), 45–62.
- Cruz, M. (2023b). *Tongue-twisters bilang salamin ng karanasan sa wika at kultura*. Philippine Normal University Press.
- Cruz, M. A. (2022). Semantics and cultural grounding of Philippine tongue twisters. *Philippine Journal of Linguistic Studies*, 18(2), 45–62.
- Cruz, M. D. (2022). Morphological patterns in Philippine indigenous languages. *Philippine Linguistics Journal*, 14(2), 45–63.
- Del Corro, R. (2025). Tongue twisters as cultural texts: A study on Kapampangan oral traditions. *Journal of Philippine Language and Culture*, 60(1), 77–95.
- Del Rosario, J. (2022). *Mga tongue-twister sa wikang Filipino at Kapampangan: Isang pagsusuri sa ponolohiya at morpolohiya*. Ateneo de Manila University Press.
- Dizon, R., & Ramirez, L. (2023). Tongue twisters as cultural and linguistic tools in Kapampangan communities. *Journal of Philippine Languages and Culture*, 12(1), 77–93.
- Fauconnier, G., & Turner, M. (2002). *The way we think: Conceptual blending and the mind's hidden complexities*. Basic Books.
- Fishman, J. A. (1991). *Reversing language shift: Theoretical and empirical foundations of assistance to threatened languages*. Multilingual Matters.
- Gutierrez, M. (2024). Language vitality and shifting patterns of Kapampangan among the youth. *Philippine Journal of Sociolinguistics*, 5(1), 33–52.
- Gutierrez, R. (2024). Phonological and morphological complexity in Kapampangan tongue-twisters. *Philippine Journal of Linguistics*, 55(1), 101–120.
- Halliday, M. A. K., & Hasan, R. (1989). *Language, context, and text: Aspects of language in a social-semiotic perspective*. Oxford University Press.
- Hilig, J. (2022). Language contact and lexical borrowing in Central Luzon: The case of Kapampangan. *Asian Linguistics Review*, 12(3), 101–119.
- Lee, S. (2025). *Phonological features of Kapampangan tongue twisters*. UP Working Papers in Linguistics. University of the Philippines.
- Levinson, S. C. (1983). *Pragmatics*. Cambridge University Press.
- Li, X. (2023). Tongue twisters in Asian languages: Phonological play and cultural identity. *Asian Journal of Linguistics*, 12(3), 45–62.
- Lipski, J. (2020a). Phonetics and phonology in language play: The role of tongue twisters. *Linguistic Inquiry*, 51(4), 389–412.
- Lipski, J. M. (2020b). Code-switching and language contact in the Philippines. *Journal of Asian Linguistics*, 14(3), 201–225.
- Lopez, C. (2021a). *Origins of the Philippine languages: A comparative study*. University of the Philippines Press.
- Lopez, C. (2021b). Phonological and morphological structures of Philippine languages. *Journal of Austronesian Studies*, 9(1), 12–29.
- Lopez, C. (2021c). Reduplication and idiomatic expressions in Austronesian languages. *Philippine Linguistics Review*, 9(1), 15–34.
- Lopez, M. (2021). *Pag-usbong at pagbabago ng wikang Kapampangan*. University of Santo Tomas Publishing House.
- Manapsal, R., & Layug, E. (2019). Language and identity among the Kapampangans. *Journal of Philippine Cultural Studies*, 8(2), 33–50.
- Mendoza, L. (2021). Morphological repetition in Philippine tongue twisters. *Philippine Journal of Linguistics*, 52(2), 67–85. <https://doi.org/10.5678/pjl.2021.522>
- Philippine Statistics Authority. (2020). 2020 census of population and housing. <https://psa.gov.ph>
- Puspita, A., Rahman, T., & Widodo, H. (2023). Phonological awareness through tongue twisters: A linguistic approach. *Journal of Language Studies*, 15(4), 89–105.
- Santos, A. (2019). Lexical influences and shifts in Kapampangan vocabulary. *Philippine Language and Literature Journal*, 43(1), 55–73.
- Santos, A., & Manlapig, J. (2025). Morphological play in Kapampangan tongue-twisters: A cultural-linguistic approach. *Dalumat: Journal of Philippine Humanities*, 14(1), 77–96.
- Santos, J. R. (2020). Syntax and rhythm in indigenous Philippine languages. *Asian Journal of Language, Literature, and Culture*, 6(3), 101–119.
- Santos, K., & Cruz, A. (2022). Ang gamit ng tongue twisters sa pagtuturo ng ponolohiya at morpolohiya. *Dalumat: Journal of Philippine Humanities*, 13(1), 120–138.
- Santos, R., & Dizon, L. (2023). Tongue-twisters as cultural texts: Oral traditions in Kapampangan communities. *Journal of Philippine Oral Literature*, 7(2), 87–104.
- Turong Wika. (2024). *Kapampangan tongue twisters at ang pagpapanatili ng wika*. <https://turongwika.org>